Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 30 NG MAYO 2001, MIYERKULES SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ............................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Edgardo T. Perca | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ............................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 151-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1-TAONG 2001 NA NAGKAKAHALAGA NG P621,343.37 BILANG KABAYARAN SA DEBT SERVICES SA PHILIPPINE NATIONAL BANK PARA SA DGP HOUSING PROJECTS AT HALAGANG P245,901.00 UPANG IPAMBILI NG GAMOT PARA SA KAGALINGAN NG MGA MAMAMAYAN SA BAYANG ITO.*

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapagpatibay ng karagdagang badyet ang pamahalaang bayan sa layuning mabayaran ang Debt Services sa PNB para sa DGP Housing Project at makabili ng mga gamot na kailangan ng mga mamamayan ng bayang ito;

*SAPAGKA'T*, matapos na ito ay matalakay at malaman mula sa Pambayang Pinuno sa Badyet na ang pagtitibaying halaga ay ipapahayag na walang pinaglalaanan upang matugunan ang iba't-ibang pananagutan at proyekto ng pamahalaan para sa ibayong paglilingkuran at kagalingang panlipunan ay inirekomenda ng Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin na ang nasabing kahilingan

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang sumusunod na:

*KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 14-T'2001*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Iliwat at ilaan ang mga halagang P621,343.37 mula sa Guguling Kapital ng Tanggapan ng Punong bayan (Bldg. & Bldg. Construction) upang ibayad sa pagkakautang o Debt Services sa PNB para sa DGP housing Project at halagang P245,901.00 mula sa natabing pondo sa Local Government Service Equalization Fund 2000 alinsunod sa probisyon ng Comelec sa ilalim ng Kapasiyahan Blg. 3479-T'2001 at Resolution No. OCP – 99-006 upang ipambili ng mga gamot para sa mga mamamayan, sa ikaaayos ng badyet para sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN*: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 151-T'2001)

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, at *Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan